# MINUTES OF MEETING

| | |
|---|---|
| **DATE:** | March 02, 2021 02:00 PM |
| **TYPE OF COMPLAINT:** | ☐ A. Boundary Dispute<br>☐ B. Occupancy of bona-fide applicant<br>☐ C. Conflict on source of rights of parties<br>☐ D. Erroneous claims/claimants<br>☐ E. Heirs conflicting claims<br>☐ F. Question of title |
| **COMPLAINANT/S:** | ANTONIO BAGUINSA |
| **RESPONDENT/S:** | RTN represented by<br>Atty. Arlene B. Aoas<br>Mr. Avelino Abiog, Jr.<br>Engr. Salustiano Menguin, Jr. |
| **LOT DESCRIPTION:** | Lot No: 9969-E, CSD-04-026475-D Identical Lot No: 14296, Cad 795-D<br>Area: 2,522 square meters<br><br>Lot No: 9969-F, CSD-04-026475-D Identical Lot No: 14297, Cad 795-D<br>Area: 16,394 square meters |
| **LOCATION:** | Bgy. Sandoval, Bataraza, Palawan |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez | Magandang hapon po sa atin. Ngayon po ay exit conference per instruction ni PENRO. Ang parties po ay informed sa schedule na ito. Presenta ko lang po yung naging output or outcome nung verification survey na kinandak ng PENRO with the in-house GE of RTN Salus Menguin. So, tinuro naman nila yung mga muhon nila kung saan and sinilip namin pati yung kay Mr. Baguinsa, nagturo din po ng mga muhon. So inabot po kami ng dalawang araw para magverify sa ground. So nandun kami sa area, di na kami lumabas para kumuha pa ng ibang references. So local common point of reference yung ginamit namin. Kung ano yung existing, yun na lang po ang ginamit namin para hindi na lumayo at lumaki yung magiging error. So ito yung naging outcome…so nag-establish kami ng station, kabila po isang side, kabila po four station. Bawat boundary na itinuturo ni Mr. Baguinsa, ay sinilip ko po. Sa RTN naman po, nagturo din sila ng monument, sinilip din namin. Ito ho ngayon ang monument ng established.<br>(Engr. Gellez presented to the parties the layout sketch using his laptop)<br>Pagginamit mo engineer yung muhon na nandito, against dito sa isa, hindi kana kasi nakasama dito eh. Ito yung nagiging result eh. Ito yung edge ng ano, yung gilid ba. Tapos nagkuwan na rin si manong ng muhon niya dyan, supposed to be dapat dito bababa pa siya ng 9 meters. Kumbaga may linya naman siya. Inilagay ng RTN nandito. Dito sa may tabi ng station. So bumaba nananaman kami, nandun din si |

| | |
|---|---|
| | manong, lampas na rin siya. Tapos para pumapasok na siya sa loob, tapos meron nanaman diba sa baba, hindi na rin nakasama yung tao mo, sumobra rin si manong. Alam naman niya na sumobra siya. Ito yung nilagay niyo, nilagay ng engineer ninyo na dapat dito, which is hindi naman siya pumasok dun. Kung ito ang susundin natin. Dalawa kasing version yung inano ko eh, yung isang version na PS and then nilaban ko dito. Kumbaga cross yung ano nilaban ko para ganito siya. So kapag ito naman yung nilagay mo yung dalawa, eh bababa na to, lalayo na rin siya. Parang hindi ko gusto to kasi nga lumalayo na siya. Unlike ito, lumilinya siya. So ibig sabihin, maaaring hindi lang mapinpoint sa area kasi hindi na siya lupa. So ito pinaka-ano kung sakali, na reference. Tapos ayan na nga yung edge ng quarry. Paganyan, ito. Ito kasi malayo. Ito naman kasi parang wala namang siyang masyadong naapektuhan. Yun kapag ito naman…ganun din pumasok din yung buong area. So ayun, tinatry ko rin naman kayo na ano, na magcheck para atleat macompare ko rin kung meron sana kayong iba pang reference. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Meron po sir. |
| Engr. Jonathan Gellez | Ang problem nga kasi hindi ninyo makita eh. Yun sana kung itaas ito, kasi ang isip ko kasi kung meron kayo dito… halimbawa dito, ganyan, pinatong natin uusog yung lote. Halimbawa meron kayo dyan sa taas, sisilipin natin. Kaya ito nga, yung muhon na ito, kung tama lang itong posisyon niya, para macompare naten yung tatlo na…kung ano yan ang lalabas, pero kung meron kayo na nandito yung layout ninyo…ang tendency ho ay layout niya, diba instead na to…halimbawa pinasilip ninyo, ipapatong ko ngayon dyan sana. Kaya lang wala ho akong data. Kung dun sana meron kayo niung time na nagsukat tayo nung Feb. 22, 2021, i-compare ko dito. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Yung muhon nila yan sir. |
| Engr. Jonathan Gellez | Kaya nga, yung muhon nila na itinuro yan ang lumabas. Ngayon, yung itinuro niyo, ayan lang oh dalawa. Dito kasi out na siya… kung gagamitin naman natin iyan, sabihin na mayrong umurong, lalayo din. Ito ho iyan…analayo eh. Ambaba eh. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Yung dalawang corner po kasi…ito yan oh. |
| Engr. Jonathan Gellez | May muhon dyan? |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Yes, sir, kasi yung pinalayout namin kay Engr. Peñamora, hindi na kasama yung sa kanila. Yung kay RTN lang. |
| Engr. Jonathan Gellez | Sumakto yung sayo? Parang nag-error lang siya. Kung yan yang sinsabi mo…bumaba na. kasi yung dito aangat pa sila. Pagkatapos, kapag iyan yung sinunod natin, dito na rin talaga papasok sa property nila. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Ito sir try niyo po. |
| Engr. Jonathan Gellez | Ito ilalagay dito? Anong sagot nun? Pareho ang sagot niya? Bababa nga…ganyan yung layout niya. Bababa yung lupa, hahanapin ngayon nila to. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Yung dyan na reference na ito, na hindi mo narecord, nahanap namin dun sa baba pa. |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez | Meron nga. Ito kasi kung ito yung sinasabi mo nga, bababa yan. Kung sinsabi mo na meron dito, kung ito may muhon na sinasabi ninyo, kulang pa rin. Hindi ito magmamatch. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Kasi ito sir, part pa rin ng RTN. Kaya may muhon to talaga sir. |
| Engr. Jonathan Gellez | Kasi hindi ko alam kung sinong claimant talaga niyan. Sabi nila sila, ngayon parang kiniclaim niyo rin. Pero tingin ko labas na ako dun. Ang inaano ko lang dito, yung technical. Kasi kung dito yung muhon, mali yung muhon dito, na meron kayong dito…yun lang hindi ko na alam kung…. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Pero kung ano pwede naman bigyan namin kayo ng data. |
| Engr. Jonathan Gellez | Singkwenta'y dos metro pa yun. Kung nandito halimbawa sya, assuming na nadyan…hindi rin natin alam kung nasaan yung position ng titulo na yun. So ito yung ano, ganito yung findings. Ngayon kung gusto mo talaga na masilip yun, gawa kana lang ng request na ano…para naman mapagkakasunduan niyo rin dito. Para din masilip natin total naman once and for all, makita natin. Kasi sa dalawang araw di natin nakita eh. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Kasi sir, pagkahapon, nahanap yun. Kaso akala namin mag-lalunch lang kayo… so ayun nga… |
| Engr. Jonathan Gellez | Hindi, sinabi ko na na uuwi na kami. Sinabi namin na wala na, yung mga tao mo nandun. Hindi na rin sila nag-ano na maghanap. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Pero sir, nahanap yan..yan, yan sir. |
| Engr. Jonathan Gellez | Pero that time nung 24, doon lang kami. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Pwede naman namin maprovide yung reading namin ng RTK, lahat ng mga nasa… |
| Engr. Jonathan Gellez | Hindi kasi, yung RTK mo, kung RTK kasi ang ibibigay mo sa akin, hindi ako nakapag-total station. Iba rin ang magiging linya natin. Kasi satellite yun eh. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Pwede naman ipasilip na lang. |
| Engr. Jonathan Gellez | Ipasilip mo na lang sa tao mo. Tutal mayron kayong station dun eh. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Kasi yun po ang gamit ni Engr. Peñamora… |
| Engr. Jonathan Gellez | Kaya nga. Kasi kahit assuming na tama yun eh, saan ang posisyon niya rin. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Diyan sa taas sir. |
| Engr. Jonathan Gellez | Kaya nga hindi siya magsasakto dito eh. Hindi yan sasakto. Kaya nga kung dito lang siya, or more lumampas siya, diba? Titingnan mo, imaginin mo iba na, maka-cut pa rin yung lote nila. Yung ang ibig kong sabihin, ganun pa rin. Mayron pa rin discrepancy na lalabas. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Kasi sir, engineer, kung basihan natin yung muhon nila, anong mangyayari? |
| Engr. Jonathan Gellez | Kaya nga kung yung pagbabasehan natin yung nasa iyo, mali yung muhon nla, magmomove sila dun. Kapag nagmove sila, halimbawa naman, titingnan natin kung wala talagang maapektuhan. Yun ho. Kasi kung kanila susundin natin, yan talaga, ito yung initial findings dyan. Pero dahil ang inaano mo nga, meron pa dyan. Yun nga may possible kasi na dito lang sya. Or kung dyan siya, may discrepancy pa rin sa lote. Hindi pa rin sya tatama. Pero at least ayun ho, sana makita niyo yung final, ay makita |

| | |
|---|---|
| | niyo yung actual…gamitan natin ng ano kung tama nga ako o mali. May station naman dito T-1, marunong naman yung tao mo na magtotal station, silipin niyo lang yung isa, dalawa…tapos text mo sa akin. Bigay mo sa akin tapos ipaplot ko lang dito. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Bigay mo lang yung T mo, paparecord na lang natin. |
| Engr. Jonathan Gellez | Hindi, magorient lang siya, 180 siya dyan. Kunin mo lang to… 1 tapos…ayun lang bigay niyo lang sa akin… |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Unang station, paback sight lang sya ng second station… diba may second station na dun? |
| Engr. Jonathan Gellez | Pwede naman, pwede.<br>So ayun ho, meron hong request si engineer na masilip yung muhon. Siguro kung pwede kayo, sama din kayo. Kasi ho ako hindi na may ginagawa ako. Bigay lang naman niya yung data, ipaplot ko lang yun. Wala namang ano dun. Ipaplot lang ho. Dito kasi yung T-1, dito tayo nag-umpisa so sinasabi nila, yung muhon na hindi natin nasilip. So sabi ko tayo sila dito, bigay nila yung data. Station sila dito, silipin nila yung dalawang muhon. Para maiproject ko uli. Wala naman hong problema doon. Sige lang ho. Para ho infairness naman sa kanila na tayo ay fair lang, walang ano. Kasi yung time na yun, ay nagkaroon ng miscommunication. Kung yun lang naman yung ano nila, okay lang naman ho iyun wala na din namang mababago dyan. Kung tama ho ito, di makikita natin kung ano yung pagbabago. Kung tatamaan yung lote ninyo. Kung hindi, halimbawa hindi naman tinamaan yung lote niyo, magmomove kayo doon. Sila ang magcoconfirm na yun ang boundary ninyo. Kung tama. Ganun ho iyon. Uusod kayo doon. Wala namang problema eh umusod kayo dun kung talagang gusto niyo. In fact, halimbawa umusod kayo, pumayag naman, makikita naman ho dito kung talagang uusod kayo. Ngayon, kung uusod kayo, syempre yung position niyo dun kung ilang metro, kung 20 meters, di 20 meters. Pero pipirma sila na ganun ang ano. And then pagnagkaroon ng sukatan, panghahawakan niyo na yan. Sila na ang may kasalanan nun. Hindi na kayo. Panghahawakan ho nila yan, magpirma sila dun sa conformity na nagcoconform kayo dun sa boundary na yun. |
| Mrs. Fortunata Siose | Kung walang mayari pa sa taas. |
| Engr. Jonathan Gellez | Sila po ang may-ari. |
| Mrs. Fortunata Siose | Sila ang may-ari. |
| Engr. Jonathan Gellez | Sila ang may-ari niyan. Halos ho lahat ng paligid kay RTN na. |
| Mrs. Fortunata Siose | Kasi compare mo lang naman yung title nila (Mr. Baguinsa) at saka title nila (RTN)…may technical description yan. |
| Engr. Jonathan Gellez | Ang tanging gagawin diyan ay magmove, at kung tatayuan yun nila na talaga yun ay tama, kapag may nagsukat diyan, labas na kayo. Hindi na kayo kasali sa usapin. |
| Mrs. Fortunata Siose | Hindi na kasali sa problem si Mr. Baguinsa, may certification na sila. |
| Engr. Jonathan Gellez | Oho, kasi iyan din yan eh. Eh kayo na rin nagsabi diyan tapos sasabihin niyo mali. Kaya nga ganun ho yun. Kasi mailagay lang tama sa inyo, kung may nakuha, may nakuha. Kung wala, di wala. Pero kung magmomove talaga, pipirma sila ho. Labas na kayo. Once nagkaroon ng problema sa ibang lote, labas na kayo. Hindi niya na |

| | |
|---|---|
| | pwedeng galawin yun. Iyon na ang sinabi niyo eh. Kung halimbawa, na tama yung sinasabi natin. Pero kung hindi, pag-uusapan pa rin. Pero tingin ko, kapag nasilip nila yun at ganun pa rin, ay gagawa na ho ako ng report ko para matapos na. Kasi, hindi ho matatapos ito. Kasi, kaya ko naman pinayagan siya, si engineer kasi, sinabi niya na wala na kami. So okay, i-admit ko na lang, nagkamali para matapos eh. Meron naman kaming station dito, silipin lang nila. Pero wag na sila magdahilan na hindi nila makita ito. Kasi kapag di pa rin nila makita, gagawa na ako ng report ko para…kasi kasama ho sila doon eh. Kung may magtanggal nun, tayo lang yun hindi naman ibang tao eh. So wala na silang magiging alibi doon. Kung masilip ho nila dun, ibigay nila sa akin. Isang station lang naman yun, dalawa. Ako na ho ang ano… |
| Mrs. Fortunata Siose | Dapat ho may time limit kung kailan para matapos na din itong usapin. |
| Mr. Aspiras | Engr. RTN, may tanong ako. Diba doon ka rin nung nagsurvey ang PENRO? |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Opo nandun din po ako. |
| Mr. Aspiras | So, bakit ngayon mo lang sinubukan yung tanong mo kay engineer? |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Ganito po kasi yun sir, first day dun ako. Tiningnan din namin yung mga muhon na itinuro ni Mr. Baguinsa. Ngayon, pangalawa, naghahanap kami ng muhon. Eh kailangan nandun ako sa office. Ngayon, kailangan ko magencode ng coordinates habang naghahanap sila at ibigay ko ang coordinates kung saan yun. So ganun po yun. Ngayon, nahanap namin hanggang ala una, kala namin babalik pa si engineer, akala namin maglalunch lang. So ayun, di na pala. Okay na yun nasilip na yung dalawa, ang muhon. So ganun po yun sir. |
| Engr. Jonathan Gellez | Ganun na lang po siguro para kung mabigay niya sa akin, this week siguro. This week. Kung wala ho, gagawa na lang ako ng report. Kung ano yung findings ko dito, yun ang isasubmit ko. Ngayon kung magsubmit ho sila, yun na rin ang gagamitin ko. Kung ano ho maging resulta doon, yun na ang magiging report ko. Hindi na ho tayo magpapatawag ng exit conference, ito na ho yun. In addition, lang yun para lang malaman natin kung yun din yun. Pangalawa ho naman, doon sa request nila na masilip, naaccoomodate naman. Wala naman hong problema basta masilip lang. |
| Mr. Aspiras | Engineer kailan po kaya kayo maggawa ng ganun? |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Probably, ngayong linggo. |
| Mr. Aspiras | Magbigay ka ng eksaktong oras sir. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Sir ganito kasi iyan, yung survey, hindi yan waterproof. Kapag umulan, hindi na yan makakapag-survey. Ngayon, tag-ulan po, we don't have control. Pero kung hindi, umulan ngayon, this week tapos na yan. |
| Engr. Jonathan Gellez | Suggestion ko lang. kung gusto niyo babalik ako dito para masilip ko din yun. Kung gusto niyo lang. Or kung nagawa nila within Wednesday, bigay na lang nila sa akin. Kung hindi nila mabibigyan ng time, ako na ang babalik para lang masilip ko rin. Kung gusto ni engineer. Para lang matapos na ho ito, kasi, total naabala na ko, itutuloy ko na. So, hanggang huwebes ho. Pag wala ho siyang nareport sa akin, magrereport na ho ako. |
| Mr. Aspiras | So itong darating na huwebes na ito? |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez | Opo. Ano, engineer? |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Sige po. Bukas ho try namin, kapag hindi umulan. Mas okay na ho yun. Actually nakita na rin namin yung monument so, di na kami maghahanap. Magsukat na lang talaga. Tingnan natin po bukas. Nung first time nahirapan kami, kasi nga dati malinis yan sya. Eh biglang nagsukal, so wala na. Hindi na makita yung mga monuments. Pero bukas sige, ikuwan namin yung grupo. Gamitin na lang namin engineer yung station 1 na ginawa mo, paback sight lang kami sa station 2. |
| Mr. Aspiras | So bukas nandun ka din ba engineer PENRO? |
| Engr. Jonathan Gellez | Ay wala po. |
| Mr. Aspiras | So kailangan namin kung magsukat kayo… |
| Engr. Jonathan Gellez | Ang sinasabi ko kapag di nila nila nagawa yun within Thursday, mapipilitan ho ako na ako ang magsilip. Makipagcommunicate na lang ho kay engineer kung sakaling matuloy sila bukas, andun ho kayo. Present kayo. Para Makita ninyo yung movement nila sa pagsukat ng pahaba. Sukatin niyo rin, halimbawa ang difference is 20meters, kapag binigay niya sa akin 20meters, ipaplot ko lang yun dito. Checheck ko rin kung 20meters nga. Kadenahan niyo yung muhon simula doon sa unang muhon, para matantya. Ipaplot ko, kung 10-eh di 10 yan. Basta nandun ho kayo, present ho kayo. Para alam niyo rin kung yung mga muhon ay talagang…papatunayan niyo rin na… |
| Mrs. Fortunata Siose | Iba rin ho ang sukat nila? Ano hong mangyayari doon? |
| Engr. Jonathan Gellez | Yung muhon na sisilipin nila…kung gusto niyo hakbangan niyo na lang. Sabihin mo sampung hakbang. Alam ko na yun. Hakbangan niyo na lang ho, galing sa tinatayuan ng transit haanggang dun sa sisilipin nila. Halimbawa doon, 20, dito 30…30… or 31 okay lang yun basta malapit sa bibigay nilang data. Ganun lang ho. Ano, okay ho sa inyo yun? Kunin niyo na lang yung number ni engineer para kung matuloy sila bukas, anong oras, alam ninyo. Para nandun din ho kayo. Kasi kung wala kayo, magsususkat pa din ho sila. Basta magsusukat siya, kaya kung nainform niya kayo at di kayo pumunta…Kahit si manong alam niya na yung area, dun lang ho sa taas. Di na kayo bababa. Dalawang muhon lang ho iyon. Pagsilip yun na. tapos ho ito hanggang huwebes. Okay na ho sa inyo yun? |
| Mr. Baguinsa | Okay na. |
| Engr. Jonathan Gellez | Sa inyo ho okay na yun? |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Okay na rin yun sir para at least, makita yung muhon namin na may sagot din. Para at least makita yung kuwan…macompute ni engineer yung magiging fnal sa based sa survey niya. |
| Engr. Jonathan Gellez | Pero kapag natapos na ho iyun, anoman ang magiging resulta, magsasubmit na ho ako ng report ko para tapos na. kung halimbawang ano, kung anong magiging result nun yun na lang isasubmit ko… Yun na ho sagot sa request ninyo, kung anoman ang magiging outcome nun bahala na ho sa opisina. Sa part po ng DENR tapos na po kami. |
| Mrs. Fortunata Siose | Within ano, kapag natapos ang kanilang survey, whatever the result is, kahit wala sila go ka sa iyong report. |

| | |
|---|---|
| Engr. Jonathan Gellez | Ganun na nga ho. Basta kung hindi ho sila makapagsumit, sabi ko nga ulitin ko, mapipilitan akong umakyat para ako yung mag-actual. Pero sa palagay ko naman, magagawa naman nila. Then, kung anong maging resulta doon, gagawaan ko na lang ng report. |
| Mrs. Fortunata Siose | Wala pong pagpupulong after ng report ninyo? |
| Engr. Jonathan Gellez | Wala na ho tayong pagpupulong kasi ito na ang exit conference. Ito na yung katapusan nung outcome nung nangyari. Uulitin ko uli, dahil hindi kami nagintindihan na meron pa palang monument na sisilipin, umalis na kami. Nagkaroon ng miscommunication, kaya ayan na ho tinatanggap ko na ito na…ganun… at hinihingi ko naman ngayon yung permission ninyo…so kaya ho tayo magsusukat uli dun sa nakitang muhon nila. After that, gagawa na ako ng report regarding dun sa findings ho. |
| Mr. Aspiras | Nung time na nagsusukat po kayo doon chief, nakita mo ba yung sinasabi nilang muhon? |
| Engr. Jonathan Gellez | Wala nga po. Pero nung umalis na ho kami, nakita na nila. Kaya hindi na namin nasilip. Kapag hindi ho sila nakagawa, mapipilitan ho ako na umakyat para silipin yung dalawang muhon na yun. Pero, 100% gagawin naman nila yan. Magsasubmit na lang ako ng report kay PENRO. Kung makikita niyo yung report, finding, bahala na ho kayo. Kung favorable sa inyo makikita niyo naman. Kung mababago kasi magmomove talaga. Kaya lang syempre, yun ay kung tatanggapin ninyo. Ang mangyayari kasi diyan, nandito na kayo sa taas. Dito na ang boundary niyo halimbawa, aangat na kayo. Aangat ho yan kung sakali. Ito lang namang lote niyo, paganun eh. |
| Engr. Salustiano Menguin, Jr. | Pati yung triangle po. |
| Engr. Jonathan Gellez | Kaya nga. Gagalaw ito lang. Sa inyo lang magmomove dito. Aangat yan, papunta na kayo dun. Diba muhon dun sa taas. Yun. Kasi yung position ng lote niyo dun. Eh kung hindi, hindi din mangyayari. Kasi nga kung anong magiging outcome ng sisilipin nila ipoproject ko lang at kung ganun ang nangyari, yun. Nasa sa inyo yun kung tatanggapin niyo yun basta ako gagawa ako ng report. Hanggang dun lang ako. Tutal kailangan niyo ng survey, pwede niyo na gamitin yan. Pero kung icocontest niyo yan, hindi ko na alam. |
| Mr. Aspiras | Hindi na icontest yan. Kasi sila nagsabi na bukas dahil doon sa dalawang muhon ang sisilipin. At sila pa ang nagsabi na di pa nasisilip. Yun ang ano nila. |
| Engr. Jonathan Gellez | Ganun din ho yun manong, kung sakaling balikan at silipin pareho lang din po yan. Kung magkaroon ng discrepancy, o pagbabago, lalabas din ho naman iyon. Kasi isipin ninyo, yung muhon niyo kapag ginalaw yun, lahat magmomove. Eh pumabor sa inyo, diba? Ibig sabihin kapag di nila kinontest, amenable kayo doon sa resulta. But kung ayaw niyo nun, gusto niyo hindi gumalaw, nasa sa inyo ho iyon. Pwede niyong anuhin na hindi kayo payag. Pero tingin ko naman papayag kayo. Kasi sabi ko nga kung ito imomove nila ng paganun, maaapektuhan din yung ano nila. Hindi lang kayo maapektuhan, pati sila apektado. Ang importante meron nakayong survey, |

| | |
|---|---|
| | kahit saan kayo makarating o lumapit…ngayon may survey na ang nagconduct ay DENR, may basehan na. |
| Mr. Aspiras | Ano ng mangyayari sa survey mo ngayon? |
| Engr. Jonathan Gellez | Eh di yun na yung hahawakan ninyong papel, na nasurvey na kayo ng DENR. |
| Mr. Aspiras | Yun ang gusto ko na malalaman, na yung survey mo ngayon ay hindi mabalewala yan. |
| Engr. Jonathan Gellez | Makikita naman ho yan, meron pa rin sila ditong dadamage kahit papano. Kung yun ang susundin. Meron pa rin hindi nga lang kalakihan.<br>So hanggang dito na lang po, tatapusin na po natin ito. So yun nga ang kasunduan natin, sisilipin nila yung muhon na hindi namin nasilip, until Thursday. Kapag wala ng hanggang Thrusday ng morning abisuhan niyo na agad ako para alam ko. Hingiin niyo na lang yung number nya para sa coordination. Kapag nasilip ni engineer yung data, ipaplot ko ho kung ano ho ang magiging resulta nun, yun na ang isasubmit ko. Kasi napagbigyan naman natin lahat kayo. So wala naman siguro sa part ng DENR na nagkulang pa kami. Lahat naman na-accommodate kayo. Napagbigyan naman kayo. Hindi naman ho natin pwedeng dayain ito, kung ano po ang resulta, yun na din po ang ilalabas. Magdasal na lang ho tayo nasana walang naapektuhan. Manatili lang na tama yung claim ninyo, para walang gulo. At hindi na tayo mahirapan magisip pa, mawala na din yung agam-agam ninyo para ho matuludukan na ito. Ganun na lang po. Maraming salamat po. |
| Mr. Abiog | Paano po kapag dumating kami sapoint na hindi kami satisfied tapos dumating sa court? |
| Engr. Jonathan Gellez | Ay pagdating po doon, nagconduct na po kami at nagreport na din po kami. |
| Mr. Abiog | "Kami" ibig sabihin yung DENR? |
| Engr. Jonathan Gellez | Opo, sa part ng DENR, nagcomply naman po kami doon sa request ng tao. |
| Mr. Abiog | Pero sa part po ninyo bilang Geodetic Engineer, willing din po kayo mag-appear sa court for that matter? |
| Engr. Jonathan Gellez | Kung isusubpoena ako, kailangan ko mag-appear in court. Trabaho ko ho talaga iyon. To testify as witness dun sa survey na ginawa. Ganun lang po. Maraming salamat po sa ating lahat. |

Transcribed by:

**MAY Q. SOCRATES**
Special Investigator I/
Recorder

Checked by:

**FLORANTE A. CANDIDO**
LMO III/ Chief, RPS

Noted by:

**CONRADO M. CORPUZ**
OIC-CENRO